# Samahan ng mga Opisyal sa Kalusugan ng Bay Area

**Muling Iginiit ng mga Opisyal sa Kalusugan ng Bay Area ang Kanilang Suporta para sa Kumpletong Pagpasok sa Paaralan (In-Person School)**

PAHAYAG NA ILALABAS KAAGAD Agosto 26, 2021

Bilang mga Opisyal sa Kalusugan ng Bay Area, kami ay nasasabik na higit sa isang milyong mga mag-aaral mula Kindergarten hanggang 12 baitang ang magbabalik sa paaralan para sa pumasok sa silid-aralan ngayong taglagas (fall) sa buong lugar ng San Francisco Bay. Sa mga county ng Alameda, Contra Costa, Marin, Monterey, Napa, San Benito, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, Santa Cruz, Solano, Sonoma, at sa Lungsod ng Berkeley, maraming bata ang bumalik sa kanilang silid-aralan sa kauna-unahang pagkakataon mula noong unang bahagi ng 2020.

Ang pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 ngayong tag-init at pagpapaospital dahil sa pagkalat ng Delta variant ay nagdudulot sa mga tao na maging maingat tungkol sa pagbalik sa paaralan. Alam natin na kapag mataas ang mga rate ng COVID sa ating mga komunidad, makikita ang mga kaso sa mga paaralan, tulad ng nangyayari sa ibang mga lugar. Gayunpaman, mayroong mga ipinapatupad na mabisang protokol – kabilang ang pagsusuot ng mask sa loob ng bahay, pagbabakuna ng mga karapat-dapat na tao, pagsusuri (testing), kalinisan sa kamay, pananatili sa bahay kapag may sakit at tamang bentilasyon – ipinapakita ng datos na ang maraming depensa na ito ay maaaring pumigil sa pagkalat ng COVID sa mga paaralan.

Sa pagsasaalang-alang sa maraming benepisyo sa mga bata, muling iginiit ng mga Opisyal sa Kalusugan ng Bay Area ang magkasamang pahayag ng Mga Opisyal sa Kalusugan ng Bay Area mula Hunyo, inendorso ang kamakailang pahayag mula sa Mga Superintendent ng mga Paaralan ng Bay Area County, at patuloy na mariing sumusuporta sa isang ligtas na pagbalik sa silid-aralan.

Ang kakulangan ng pagpasok sa paaralan sa panahon ng pandemya ng COVID-19 ay hindi lamang nagpatigil sa edukasyon, ngunit pinahina rin nito ang mga suporta sa lipunan at napinsala rin ang kalusugang pangkaisipan ng mga mag-aaral. Ang mga panganib at benepisyo ng pagbabalik sa pagpasok sa paaralan ay mas malinaw na ngayon kaysa sa iba pang pagkakataon sa panahon ng pandemyang ito – lahat tayo ay


MEMBERS:

**Alameda County:**
Colleen Chawla, Health Care Services Agency Director
Nicholas Moss, MD, MPH, Health Officer

**City of Berkeley:**
Lisa Warhuus, PhD, Director, Health, Housing, and Community Services
Lisa B. Hernandez, MD, MPH, Health Officer

**Contra Costa County:**
Chris Farnitano, MD, Health Officer
Daniel Peddycord, RN, MPA, Public Health Director

**Marin County:**
Benita McLarin, Director of Health and Human Services
Matthew Willis, MD, MPH, Public Health Officer

**Monterey County:**
Elsa Jimenez, MPH, Director of Health Services
Edward L. Moreno, MD, MPH, Health Officer

**Napa County:**
Jennifer Yasumoto, Health and Human Services Director
Karen Relucio, MD, Health Officer

**San Benito County:**
Tracey Belton, Interim Director of Health & Human Services
David Ghilarducci, MD, FACEP, Interim Health Officer

**City & County of San Francisco:**
Grant Colfax, MD, Director of Health
Susan Philip, MD, MPH Health Officer

**San Mateo County:**
Louise Rogers, Health System Chief
Scott Morrow, MD, MPH, Health Officer

**Santa Clara County:**
Sara Cody, MD, Director and Health Officer
George Han, MD, MPH, Deputy Health Officer

**Santa Cruz County:**
**Distrito ng Santa Cruz:**
Mimi Hall, MPH, Health Director
Gail Newel, MD, MPH, FACOG, Health Officer

**Solano County:**
Gerald Huber, Health & Social Services Director
Bela Matyas, MD, MPH Health Officer

**Sonoma County:**
Barbie Robinson, Dept. of Health Services Director
Sundari R. Mase, MD,MPH, Health Officer

dapat magpatuloy na gawin ang lahat ng posible upang mapanatiling ligtas na pumapasok ang mga bata sa kanilang mga paaralan.

Habang ang mga bata ay maaaring makakuha ng COVID-19, ang malubhang sakit sa mga bata ay hindi pangkaraniwan at ang pagkamatay ay sobrang bihira. Ang paglilipat ng sakit ay maaaring maganap sa anumang lugar, kabilang sa mga paaralan, ngunit ang mga bata ay madalas malantad sa COVID-19 sa bahay o sa iba't ibang lugar na nakikisalamuha sa mga tao kung saan magkakaiba ang mga kasanayan sa kaligtasan. Ang mga kasong natukoy ng mga programa sa pagsusuri ng paaralan ay maaaring kadalasang hindi nauugnay sa pagkakalantad sa silid-aralan. Sa County ng Alameda, nakakakita kami ng mga kaso ng COVID-19 sa mga bata ngunit ang mga rate sa pangkahalatan ay mas mababa kaysa sa mga may sapat na gulang at mas mababa kaysa noong kasagsagan sa tag-lamig. Ang pagkakaospital sa mga bata ay nasa 3% lamang sa mga naiulat hanggang sa ngayon para sa kasagsagan sa tag-init.

Ang Patnubay ng Estado sa Mga Paaralan ng K-12 para sa Taon ng Eskuwela na 2021-22 ay mahalagang gabay na binibigyang-diin ang pangkalahatang pagpapatupad ng mga pinakamahalagang hakbang sa kaligtasan habang nagbibigay din ng kakayahang umangkop para sa iba't ibang pamamaraan upang matugunan ang mga pangangailangan at kakayahan ng isang malawak na hanay ng mga paaralan at mga distrito na hinahangad na ligtas na mapanatili ang mga bata sa loob ng mga silid-aralan.

Ang mga pinuno ng paaralan ay nagtatrabaho nang husto upang ipatupad ang Patubay na ito at handa nang tanggapin ang mga magbabalik na mag-aaral. Patuloy na sinusubaybayang mabuti ng mga Opsiyal sa Kalusugan ang datos at kami ay magtatrabaho sa buong rehiyon at estado upang gumawa ng pagbabago kung kinakailangan.

###

*Ang County ng Alameda at ang Lungsod ng Berkeley ay sumusunod sa Patnubay ng Estado sa Mga Paaralan ng K-12 para sa Taon ng Eskuwela na 2021-22.*

**Mga Kasong Magaganap: Anong Dapat Asahan**

Kapag ang COVID-19 ay kumakalat sa mataas na antas sa mga komunidad, tulad ng nangyayari ngayon sa County ng Alameda at Lungsod ng Berkeley, dapat nating asahan ang mga kaso sa mga paaralan. Ang mga kaso sa mga mag-aaral at kawani ay dapat ipagbigay-alam ng mga paaralan sa Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng County ng Alameda o sa Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Lungsod ng Berkeley depende sa lokasyon ng mga paaralan ayon sa patnubay ng K-12 ng Estado.

Ang mga paaralan mula sa County ng Alameda at Lungsod ng Berkeley at ang mga pangkat para sa Paglaganap ng Sakit (Outbreak team) ay nakikipag-ugnayan at sumusuporta sa mga pinuno at kawani ng paaralan sa pagtaas ng mga sitwasyong ito, na tumutulong sa pagsisiyasat at pagbibigay ng patnubay kung paano ipatupad ang mga hakbang sa pagpigil sa sakit.

Ang mga magulang at tagapag-alaga ay dapat na makipag-ugnayan sa kanilang pinuno sa paaralan o distrito upang malaman kung paano tutugon ang paaralan ng kanilang mga mag-aaral sa mga kaso.

**Manatili sa bahay kung may Sakit**

Ang mga mag-aaral at mga kawani na nakakaranas ng mga sintomas o masusuring positibo sa COVID-19 ay dapat manatili sa bahay upang maprotektahan ang kalusugan at kapakanan ng iba. Kung ang mga mag-aaral ay natukoy na malapit na contact ng isang taong nagpositibo, mayroong iba't ibang opsyon sa quarantine para sa mga paaralan ayon sa Patnubay ng Estado.

**Pagbabakuna**

Ang bakuna ang nagpapatuloy na pinakamabisang gamit na mayroon tayo upang wakasan ang pandemyang ito. Upang maprotektahan ang mga mag-aaral at mga kawani, naglabas ang Estado ng bagong kautusan para sa kalusugan ng publiko na inaatasan ang lahat ng mga kawani ng paaralan na magpakita ng katibayan ng kumpletong pagpapabakuna o masuri ng isang beses kada lingo.

Ang mga bata at kabataan, na 12 taong gulang at pataas, ay kasalukuyang kwalipikadong mabakunahan ng Pfizer na bakuna para sa COVID-19, na may kumpletong pag-apruba mula sa FDA para sa mga kabataan na 16 na taong gulang at pataas. Ang bakuna ay ligtas, libre at lubhang mabisa sa pagpigil sa mga malubhang sakit, pagkakaospital at kamatayan. Ang pagpapabakuna ninyo at ng inyong mga anak ay ang pinakamagandang paraan upang maprotektahan laban sa pagkalat ng COVID-19.

Habang inaasahan naming magkaroon ng opsyon sa bakuna para sa mga mas batang edad sa lalong madaling panahon, hindi tiyak ang iskedyul. Alamin pa sa https://covid-19.acgov.org/youthvaxfacts.

**Pagsusuot ng Mask**
Alinsunod sa CDC at American Academy of Pedriatics, ang pangkahalatang pagsusuot ng mga mask sa paaralan ay hinihiling ng patnubay ng paaralan ng Estado at ng kautusan para sa pagsusuot ng mask sa lugar (local face masking order). Ang mga patnubay ng CDC para sa mga komunidad na mayroong mataas na antas ng paglilipat ng sakit ay may kasama ding rekomendasyon para sa mga taong hindi nabakunahan o hindi nakumpleto ang mga bakuna na magsuot ng mask sa mga matataong lugar kapag nasa labas kung saan hindi napapanatili ang pisikal na pagdistansya (physical distancing) o sa mga aktibidad na mayroong malapitang kontak (close contact) sa ibang tao. Sa mga paaralan, maaari itong mangahulugan sa oras ng recess o mga kaganapang may kaugnayan sa palakasan (sports events). Kaakibat ng pagbabakuna, ang patuloy na pagsusuot ng mask ay pinoprotektahan ang inyong mag-aaral at ang mga nakapaligid sa kanila.

**Pagsusuri para sa COVID-19**
Upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19, ang naaangkop na pagsusuri at pamamahala ng mga nahawaan at nalantad na mga tao ang binibigyang ng prayoridad. Ang Estado ay may balangkas na nagsasaad ng listahan ng mga opsyon sa pagsusuri na dapat isaalang-alang ng mga paaralan na ipatupad sa kanilang mga komunidad ng paaralan. Ang bawat distrito ng paaralan at ang komunidad na pinalilingkuran ng mga ito ay natatangi at hinihikayat namin ang lahat ng mga distrito ng paaralan na suriin ang mga estratehiya at makipagtulungan sa Estado upang maipatupad ang programa sa pagsususri na mabisang makakatulong para sa kanilang distrito: Mga estratehiya ng pagsusuri para sa COVID-19 sa paaralan ng K-12 para sa taon ng eskuwela na 2021-22 (ca.gov)

**Ano ang magagawa ninyo**
Ang COVID-19 ay patuloy na nakakaapekto sa lahat ng komunidad sa County ng Alameda at Lungsod ng Berkeley, at dapat tayong magtulungan upang mapanatiling ligtas ang ating mga mag-aaral at kawani ng paaralan. Ugaling magsuot ng inyong mask, magpabakuna para sa sarili at para sa inyong mga kwalipikadong anak at panatilihin sila sa bahay kung sila ay may sakit. Lubos namin kayong hinihikayat na makipag-usap sa inyong mga pinuno sa paaralan tungkol sa kanilang mga plano sa kaligtasan at kausapin ang inyong anak tungkol sa kahalagahan ng panatilihing suot ang kanilang mask kapag pumapasok sa paaralan. Lahat tayo ay may mga tungkulin upang mapanatiling ligtas ang ating mga mag-aaral at paaralan.

###

DAPAT KONTAKIN PARA SA COUNTY NG ALAMEDA
Neetu Balram, Tagapamahala para sa Pampublikong Impormasyon
Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko sa County ng Alameda
EOC-PIO@acgov.org